Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Batang 6 na Buwan Pataas

MGA KADALASANG KATANUNGAN PARA SA MGA MAGULANG AT TAGAPAG-ALAGA

Ang pagpapabakuna ay palaging libre. Walang sinuman sa iyo o sa anak mo ang tatanungin tungkol sa katayuan sa imigrasyon.
Bisitahin ang: VaccinateLACounty.com o VacunateLosAngeles.com (Espanyol) upang makahanap ng lugar sa pagpapabakuna.

Bakit dapat na mabakunahan ang aking anak laban sa COVID-19?

Ang pagpapabakuna sa iyong anak ay ang pinakamahusay na paraan upang protektahan sila mula sa COVID-19. Pumoprotekta rin ito laban sa pangmatagalang mga problemang pangkalusugan sanhi ng COVID-19.

Kahit na ang COVID-19 ay karaniwang banayad sa mga bata, maaari silang lubhang magkasakit. Sa ngayon, ang COVID-19 ay nagdulot o nagresulta sa pagkamatay ng mahigit 1,900 mga bata. Ang ilang mga bata na may paunang banayad na sakit ay nagkakaroon ng "Multi-System Inflammatory Syndrome in Children" (MIS-C) ilang linggo kalaunan. Ito ay kondisyon kung saan ang iba't ibang bahagi ng katawan ay maaaring mamaga, kabilang ang puso, mga baga, mga bato, utak, balat, mga mata o mga bahaging panloob (organ) ng tiyan/sikmura (gastrointestinal).

Tulad ng sa matatanda, may mga bata rin na nahahawahan at nagdurusa mula sa mga kondisyon pagkatapos ng COVID-19 o "mahabang COVID" kahit na ang kanilang impeksyon sa COVID ay banayad. Ang mga bata na may mahabang COVID ay maaaring makaramdam ng pagkapagod, magkaroon ng pananakit ng ulo at hirap sa pagpopokus. Maaari itong abutin ng mga ilang linggo hanggang sa mga ilang buwan pagkatapos na magkaroon ng COVID-19. Ilang kamakailang mga pag-aaral ang nagpapakita na ang "mahabang COVID" ay mas pangkaraniwan sa mga batang hindi pa nababakunahan.

Kahit na ang mga malulusog na bata na walang mga kondisyong medikal ay maaaring mahospital o magkaroon ng pangmatagalang mga komplikasyon na maaaring makaapekto sa kanilang kalusugang pangkaisipan at pisikal at kalidad ng buhay. Ang pananatiling napapanahon sa mga bakuna ng COVID-19, kabilang ang mga pampalakas na bakuna, ay nakakapagpabawas ng panganib na magkaroon ng mga ganitong komplikasyon.

ALING BAKUNA ANG KUKUNIN AT KAILAN

Aling (mga) bakuna sa COVID-19 ang maaaring tanggapin ng aking anak?

Inirerekomenda ang mga bakuna sa COVID-19 para sa mga batang may edad na 6 na buwan pataas. Maaaring magpabakuna ang iyong anak ng alinman sa mga bakuna sa COVID-19 na pinahintulutan o inaprubahan para sa grupo ng kanilang edad:

- Ang mga batang may edad na 6 na buwan pataas ay maaaring magpabakuna ng Pfizer o Moderna.
- Ang mga batang may edad na 12 taong gulang pataas ay maaaring magpabakuna ng Novavax.

Ang dosis ng bakuna ay nakabatay sa edad ng bata sa araw ng kanilang bakuna, hindi sa kanilang laki o timbang. Ito ang dosis na kailangan para lumikha ng tamang pagtugon ng imyunidad. Ang mga batang may edad na 12 taong gulang pataas ay binabakunahan ng dosis ng bakuna na kagaya ng sa mga tinedyer at matatanda.

Ang dami ng dosis at ang tamang panahon sa pagitan ng mga dosis ay depende kung anong bakuna ang natanggap ng iyong anak, kanilang edad at kung sila ba ay mayroong nakompromisong imyunidad (immunocompromised) o wala.

Tingnan ang ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules para sa mga detalye sa mga rekomendasyon ng bakuna para sa mga bata. Tingnan ang FDA Ng Mga Katotohanang Talaan para sa mga Tumanggap at Tagapag-alaga para sa Pfizer o Moderna o Novavax para sa impormasyon tungkol sa bawat bakuna. Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.

Isinasaad ng iskedyul na ang pangalawang dosis ng bakuna ay dapat ibigay hanggang 8 linggo pagkatapos ng unang dosis. Paano ako magdedesisyon kung kailan dapat kumuha ng pangalawang dosis ng bakuna ang aking anak?

Ang inirerekomendang panahon para sa pangalawang dosis ng bakuna ng COVID-19 ng iyong anay ay depende sa indibidwal na sitwasyon ng iyong anak.

- Inirerekomenda ang *tatlong lingo* (Pfizer at Novavax) at *4 na linggo* (Moderna) pagkatapos ng unang dosis para sa mga bata

na may banayad o malubhang nakompromisong imyunidad. Inirerekomenda rin kung kailan ang pinakakumpletong posibleng proteksyon ay kinakailangan sa lalong madaling panahon; halimbawa, kapag may mataas na antas ng pagkalat sa komunidad o ang indibidwal ay nasa mas mataas na panganib para sa malubhang sakit.

- Maaaring pinakamaganda ang *walong linggo* para sa ilang bata pagkatapos ng unang dosis, lalong-lalo na sa mga kabataang lalake at matatandang lalaki (edad 12-39). Ito ay dahil sa ang pagkakaroon ng mas mahabang oras sa pagitan ng una at pangalawang dosis ay tila pinabubuti ang pagka-epektibo ng mga bakuna. Bukod dito, pinabababa nito ang bihira ng napakabihirang mga panganib ng myocarditis at pericarditis (mga kondisyon sa puso).

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng orihinal (monovalent) na mga bakuna sa COVID-19 at ng binagong (bivalent) mga bakuna?

Pinupuntirya ng mga monovalent na bakuna ang orihinal na virus na nagdudulot ng COVID-19. Ang mga bakuna ay binago upang makagawa ng mga bivalent na bakuna na pumupuntirya sa parehong orihinal na COVID-19 na virus at ang mga baryanteng BA.4 at BA.5 na Omicron.

- *Mga dosis ng pangunahing mga serye* - Ang mga bakunang Monovalent ay ginagamit bilang pangunahing mga serye para sa lahat ng bakuna na may isang eksemsyon. Ang bivalent na bakuna ay ginagamit para sa ika-3 dosis ng pangunahing mga serye ng bakuna ng Pfizer para sa mga batang edad 6 na buwan – 4 na taong gulang.
- *Mga dosis ng pampalakas na bakuna* – Ang lahat ng dosis ng pampalakas na bakuna ng Pfizer at Moderna ay bivalent (binago) na mga bakuna. Ang dosis ng pampalakas na bakuna ng Novavax ay monovalent na bakuna.

Dapat bang kumuha ng pampalakas (booster) na dosis ang aking anak?

Oo. Ang binagong (bivalent) mga pampalakas na bakuna ay inirerekomenda para sa lahat na may edad 6 na buwan pataas na may isang eksemsyon. Ang mga batang 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang na nakatapos ng pangunahing mga serye ng bakuna sa Pfizer ay hindi kwalipikado para sa dosis ng pampalakas na bakuna sa ngayon.

Makakatulong ang mga binagong pampalakas na bakuna na maibalik ang proteksyon laban sa COVID-19 na bumaba sa paglipas ng panahon at magbigay ng mas malawak na proteksyon laban sa mga mas bagong baryante. Ang orihinal (monovalent) na mga pampalakas na bakuna ng Pfizer at Moderna ay hindi na magagamit.

Inirerekomenda ang isang binagong pampalakas na bakuna nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng huling dosis ng bakuna sa COVID-19 ng iyong anak (alinman sa panghuling dosis ng pangunahing mga serye o ang huling orihinal na [monovalent] pampalakas na bakuna). Ito ay hindi alintana kung gaano karaming orihinal (monovalent) ang natanggap sa nakaraan. Ang mga batang edad 11 pababa ay nakakakuha ng mas kakaunting dosis ng binagong pampalakas na bakuna kaysa sa mga tinedyer at matatanda.

Edad 5 pataas

- Ang mga batang edad 5 taong gulang na nakakumpleto ng pangunahing mga serye ng Moderna ay maaaring makakuha ng alinman sa Pfizer o Moderna na binagong pampalakas na bakuna.
- Ang mga batang edad 5 taong gulang na nakakumpleto ng pangunahing mga serye ng bakuna ng Pfizer ay nakakakuha ng binagong pampalakas na bakuna ng Pfizer.
- Lahat ng may edad 6 taong gulang pataas ay maaaring makakuha ng bingong pampalakas na bakuna ng Pfizer o Moderna.

Edad 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang

- Ang mga batang nakakumpleto ng pangunahing mga serye ng bakuna sa Moderna ay maaaring makakuha ng binagong pampalakas na bakuna ng Moderna.
- Ang mga bata na nakakumpleto ng pangunahing mga serye ng mga bakunang Pfizer ay hindi kwalipikado para sa dosis ng pampalakas na bakuna sa ngayon. Tandaan: ang pangunahing mga serye ng Pfizer para sa pangkat ng edad na ito ay may kasama na ngayong bivalent (binago) na bakuna para sa ika-3 dosis.

Bisitahin ang inter-aktibong kasangkapan ng CDC na Alamin Kung Kailan Kukuha ng Pampalakas na Bakuna para makatulong alamin kung ang iyong anak ay maaaring kumuha ng isa o mas marami pang pampalakas na bakuna sa COVID-19. Kausapin ang iyong doktor kung mayroong mga katanungan.

Dapat bang bakunahan ang aking anak kung nagkaroon na sila ng COVID-19?

Oo. Ang iyong anak ay dapat na manatiling napapanahon sa mga bakuna ng COVID-19 kahit na sila ay nagkaroon na ng COVID-19. Ito ay dahil ang mga bakuna ay nagbibigay ng karagdagang proteksyon.

Ang pagkakaroon ng impeksyon ng COVID-19 ay nag-aalok ng ilang proteksyon mula sa hinaharap na karamdaman na may COVID-19, kung minsan ay tinatawag na "natural na imyunidad." Ngunit ang antas ng proteksyon na nakukuha ng isang tao mula sa impeksyon ay nag-iiba. Depende ito sa kung gaano kabanayad o kalubha ang kanilang sakit, ang tagal ng panahon na lumipas mula noong nagkaroon sila ng COVID-19, at ang kanilang edad. Kasalukuyang walang pagsusuri na mapagkakatiwalaang makapagsasabi kung ang isang tao ay protektado mula sa pagkakuha ng COVID-19. Ipinakita ng isang pag-aaral na inilathala noong Hulyo 2022 na noong nabakunahan ang mga taong nahawahan ng COVID-19 noon, nagkaroon sila ng malakas na pagtugon ang imyunidad at nagkaroon ng mas mahusay na proteksyon laban sa impeksyon ng COVID-19 kaysa sa mga taong hindi nabakunahan.

Kung ang iyong anak ay kasalukuyang may COVID-19, maaari mong isaalang-alang na maghintay ng 3 buwan pagkatapos na magkaroon ng COVID-19 ang iyong anak para makapagsimula o makapagpatuloy sila ng mga serye ng bakuna sa COVID-19 o makakuha ng pampalakas na bakuna. Ito ay dahil mas malamang na hindi sila magkaroon ng COVID-19 muli sa loob ng unang 3 buwan pagkatapos ng impeksyon. Ang mas mahabang oras sa pagitan ng impeksyon at pagkuha ng bakuna ay maaari ring magresulta sa mas mahusay na pagtugon ng imyunidad. Gayunpaman, hindi mo dapat ipagpaliban ang dosis nang higit sa 3 buwan at magiging ligtas na matanggap ang bakuna nang mas maaga. Kung ang iyon anak ay kasalukuyang may COVID-19, dapat kang maghintay ng hanggang sa pagkatapos ng panahon ng pagbubukod bago magpabakuna. Ito ay apara hindi sila makahawa sa mga manggagawang nag-aalaga ng kalusugan at iba pa kapag sila ay pumunta para magpabakuna.

Kung ang iyong anak ay nagkaroon ng Multisystem Inflammatory Syndrome in Children (MIS-C), makipag-usap sa kanilang doktor tungkol sa kung kailan inirerekomenda ang pagbabakuna sa COVID-19.

KALIGTASAN NG PAGPAPABAKUNA SA COVID-19

Ligtas ba para sa mga bata ang magpabakuna?

Oo, ligtas para sa mga bata na kumuha ng bakuna sa COVID-19. Bago irekomenda ang pagpapabakuna sa COVID-19 para sa mga bata, ginawa ang mga klinikal na pagsubok sa libo-libong mga bata para masuri ang kaligtasan at pagka-epektibo ng bakuna para sa grupo ng edad na ito.

Sa kasalukuyan, milyon-milyong mga bata at mga tinedyer edad 5 hanggang 17 taong gulang, at mas marami pa sa isang milyong mga bata edad 4 na taong gulang pababa, ay tumanggap na ng hindi bababa sa isang dosis ng bakuna sa COVID-19. Ipinapakita ng nagpapatuloy na pagsusubaybay sa kaligtasan na ang pagpapabakuna sa COVID-19 ay patuloy na ligtas para sa mga bata at tinedyer.

Ang mga epekto (side effects) ay kadalasang banayad, at pansamantala. Ang mga malubhang reaksyon pagkatapos ng pagpapabakuna sa COVID-19 sa mga bata ay bihira at karaniwang nagaganap sa loob ng ilang araw pagkatapos na magpabakuna.

Myocarditis at pericarditis

Ang mga bihirang kaso ng myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso) at pericarditis (pamamaga ng panlabas na linyada ng puso) ay naiulat na pagkatapos kumuha ng bakuna sa COVID-19 na Pfizer, Moderna, o Novavax. Karamihan sa mga kaso ay sa hanay ng mga kalalakihan sa pagitan ng mga edad na 12 at 39 na taong gulang pagkatapos ng kanilang pangalawang dosis ng bakuna. Ang panganib sa pagkakaroon ng ganitong mga bihirang kondisyon ay maaaring mababawasan sa pamamagitan ng paghihintay nang mas matagal (8 linggo) para kumuha ng pangalawang dosis.

Ang kamakailang ulat noong Septyembre 2022 mula sa CDC ay walang nakitang pagtaas na panganib para sa myocarditis pagkatapos ng pagbabakuna ng COVID-19 sa mga batang may edad na 6 na buwan–5 taong gulang.

Natuklasan ng pag-aaral sa mga taong edad 5 pataas na ang panganib ng mga kumplikasyon sa puso, tulad ng myocarditis, ay mas mataas pagkatapos na magkaroon ng COVID-19 kaysa pagkatapos na makakuha ng mga bakunang Pfizer o Moderna. Ito ay nakita sa mga kalalakihan at kababaihan. Mahalaga ring pakatandaan na ang myocarditis pagkatapos na magpabakuna sa COVID-19 ay mas banayad at hindi nagtatagal tulad ng myocarditis dahil sa iba pang mga sanhi. Karamihan ng mga taong may myocarditis o pericarditis pagkatapos ng pagpapabakuna ay bumubuti sa gamot at pahinga.

Humanap agad ng medikal na tulong kung ang inyong anak ay may nararamdamang sakit sa dibdib, pangangapos ng hininga, pakiramdam ng mabilis na pagtibok ng puso, kumakabog, o malakas na pumipintig na puso.

Alamin pa ang mas marami pa sa CDC webpage na Myocarditis at Pericarditis Kasunod ng mRNA na Pagpapabakuna sa COVID-19.

Anaphylaxis

Ang anaphylaxis ay isang seryosong alerdyik na reaksyon na maaaring mangyari pagkatapos ng anumang pagpapabakuna. Ang iba pang mga mas hindi malubhang alerdyik na reaksyon ay maaari ring mangyari. Tawagan ang 911 kung sa tingin mo na ang iyong anak ay nagkakaroon ng malubhang alerdyik na reaksyon pagkatapos umalis sa lugar ng pagpapabakuna. Alamin pa ang mas marami pa sa CDC webpage na Mga Alerdyik na Reaksyon pagkatapos ng Pagpapabakuna sa COVID-19.

Inirerekomenda ng CDC ang pagpapabakuna sa COVID-19 para sa lahat na 6 na buwan pataas. Ang alam na mga panganib ng sakit na COVID-19, kinabibilangan ng pagpapahospital, pangmatagalang mga problema sa kalusugan, at pagkamatay, ay hinihigitan ang mga potensyal na panganib ng pagkakaroon ng bihirang masamang reaksyon sa bakuna.

Ano ang mga epekto ng bakuna sa mga bata?

Ang mga epekto (side effects) pagkatapos ng bakuna sa COVID-19 sa mga bata ay katulad ng mga nakikita sa mga matatanda. Ang mga epekto sa mga batang bata pa ay parang katulad ng mga nararanasan pagkatapos ng nakagawiang mga bakuna at higit na mas pangkaraniwan pagkatapos ng pangalawang dosis. Ang mga epekto mula sa dosis ng pampalakas na bakuna ay parang katulad ng mga epekto pagkatapos ng dosis ng pangunahing mga serie.

Ang mga pangkaraniwang epekto ay maaaring kabilangan ng pananakit, pamamaga, at pamumula sa braso o hita kung saan ibinigay ang bakuna, pananakit ng kalamnan o kasu-kasuan, namamagang mga kulani, lagnat, pagkaginaw, sakit ng ulo, mainisin o pag-iyak, pakiramdam ng pagkapagod, pagkaantok, at kawalan ng gana sa pagkain.

Ang mga epektong ito ay maaaring limitahan ang ilang mga pang-araw-araw na aktibidad ngunit dapat na mawala sa ilang mga araw. Hindi lahat ay magkakaroon nito. Ang mga epekto ay normal at isang palatandaan na ang iyong katawan ay bumubuo ng imyunidad.

Maaari bang makakuha ng COVID-19 ang aking anak mula sa bakuna sa COVID-19?

Hindi. Ang iyong anak ay hindi makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Hindi ito possible. Wala sa mga bakuna na ginagamit sa Amerika (US) ang naglalaman ng anumang klase ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.

Ligtas ba para sa aking anak na magpabakuna laban sa COVID-19 at iba pang mga sakit nang sabay?

Oo, ang mga batang edad 6 na buwan pataas ay maaaring magpabakuna sa COVID-19 kasabay ng iba pang mga nakagawiang bakuna sa pagkabata, tulad ng polyo, trangkaso, MMR (tigdas, beke, at rubelya), at Tdap (Tetano, Diphteria, at Pertusis/tuyong malakas na ubo). Kung ang iyong anak ay nagpabakuna ng COVID-19 sa lugar na hindi nag-aalok ng iba pang mga bakuna na maaaring kailangan nila, maaari kang pumunta sa ibang lokasyon para makuha ang mga ito anumang oras. Hindi kailangan na maghintay sa pagitan ng mga bakuna.

Ang mga bata bang may alerdyi ay maaaring makakuha ng bakuna sa COVID-19?

Depende ito kung ano ang alerdyi ang bata.

- Ang mga batang alerdyik sa mga bagay tulad ng iniinom na gamot, pagkain (kabilang ang mga itlog), latex, alagang hayop sa bahay, o pollen, o may kasaysayan ng mga alerdyi sa pamilya ay maaaring magpabakuna. Ang mga bakuna ay hindi naglalaman ng mga protina sa pagkain (tulad ng itlog o mga produktong mani), gelatin, latex, antibiotics, metal, o pampreserba (tulad ng thimerosal o mercury). Alamin pa ang mas marami kung anong mga sangkap ang mayroon o wala sa bawat bakuna sa COVID-19 dito.
- Makipag-usap sa iyong doktor kung ang iyong anak ay may alerdyik na reaksyon sa anumang bakuna o iniiniksyong paggamot (kahit na ito ay hindi malubha). Tutulong ang doktor na magpasya kung ligtas para sa kanila ang magpabakuna.
- Ang mga taong alerdyik sa polyethylene glycol (PEG) ay hindi dapat kumuha ng bakunang Pfizer o Moderna. Ang mga taong alerdyik sa polysorbate ay hindi dapat kumuha ng bakunang Novavax.

Ang impormasyon tungkol sa mga alerdyi ay maaaring magbago. Para makita ang pinakabagong gabay, tingnan ang mga webpage ng CDC sa Pagkuha ng Bakuna sa COVID-19 at Mga Alerdyik na Reaksyon Pagkatapos Magpabakuna sa COVID-19 at makipag-usap sa doktor.

Ang bakuna ba ay nakapagsasanhi ng pagkabaog (infertility)?

Hindi, ang bakuna ay hindi nagsasanhi ng pagkabaog. Walang ebidensya na ang anumang bakuna, kabilang ang mga bakuna sa COVID-19, ay nakapagsasanhi ng mga problema sa pagkabaog ng mga kababaihan o kalalakihan. Dagdag pa, walang ebidensya na ang mga sangkap ng bakuna, kabilang ang mRNA, o mga panlaban ng katawan (antibodies) na nagawa kasunod ng pagpapabakuna sa COVID-19, ay magsasanhi ng anumang mga problema sa pagdadalang-tao ng isang tao (alinman sa ngayon o sa hinaharap). Ipinakita ng mga pag-aaral na walang mga diperensya sa mga dami ng pagbubuntis sa mga nabakunahan at hindi pa nabakunahang kababaihan at kalalakihan. Hindi binabago ng mga bakuna ang DNA ng tao. Wala ring ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay nakakaapekto sa pagbibinata/pagdadalaga o pagyabong ng tinedyer. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang CDC webpage na Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong Gustong Magkaroon ng Anak.

Maaapektuhan ba ng bakuna sa COVID-19 ang regla ng aking anak?

May ilang mga tao ang nag-ulat ng pagbabago sa kanilang regla pagkatapos magpabakuna sa COVID-19. Dalawang kamakailang pag-aaral ay napag-alaman na ang panahon sa pagitan ng mga regla ay tumataas, humigit-kumulang, wala pang isang araw sa bawat siklo na ang tao ay nakatanggap ng bakuna. Walng pagbabago sa bilang ng mga arawa ng pagdurugo. Ang mga pagbabagong ito ay pansamantala lamang.

Mahalagang tandaan na maraming bagay ang maaaring magsanhi ng pababago sa mga siklo ng pagreregla. Kabilang sa mga ito ang tensyon (stress), mga pagbabago sa pagtulog, diyeta, ehersisyo, at ilang medisina. Ang mga hindi regular na panahon ng regla ay napaka-karaniwan sa mga tinedyer at maaaring wala talagang partikular na dahilan. Kung ang iyong anak ay may mga

pagkabahala tungkol sa kanilang regla, inirerekomenda na sila ay makipag-usap sa kanilang doktor.

Ang bakuna ba sa COVID-19 ay magkaroon ng mga anumang pangmatagalang epekto (long term side effects) sa aking anak?

Hindi. Bilyun-bilyong tao ang nakatanggap na ng mga bakuna para sa COVID-19 at walang hindi inaasahang pangmatagalang epekto ang naitala. Batay sa nalalaman namin mula sa iba pang mga bakuna, ang anumang pambihirang epekto ay karaniwang nagsisimula sa loob ng anim na linggo pagkatapos makakuha ng bakuna. Sa kadahilanang ito, iniaaatas ng FDA na pag-aralan ang bawat bakuna sa COVID-19 nang hindi bababa sa walong linggo pagkatapos ng huling dosis bago nila pinahintulutan ang mga ito para magamit. Dagdag pa rito, patuloy na sinusubaybayan ng CDC ang mga bakuna sa COVID-19 pagkatapos na ang mga ito ay pinayagan.

Sa paghahambing, alam namin na ang virus na nagdudulot ng COVID-19 ay maaaring magdulot ng ilang pangmatagalang epekto sa mga bata. Halimbawa, ang ilang mga tao ay patuloy na nagkakaroon ng mga sintomas tulad ng pakiramdam ng sobrang pagkapagod, hirap sa pagtulog, pananakit ng ulo, at kinakapos ang paghinga sa loob ng ilang buwan pagkatapos ng kanilang unang impeksyon sa COVID-19, na kadalasang tinatawag na mahabang COVID. Dagdag pa, ang isang malubhang kondisyon na tinatawag na Multisystem Inflammatory Syndrome (MIS-C) ay maaaring makaapekto sa mga bata. Ito ay isang bihira ngunit seryosong kondisyon na nauugnay sa COVID-19 kung saan ang iba't ibang bahagi ng katawan ay namamaga, kabilang ang puso, baga, bato, utak, balat, mata, o mga bahagi ng katawan na sikmura/bituka. Marami sa mga pasyenteng ito ang kailangang mahospital at, sa kasamaang palad, ang ilan ay namamatay. Ang pagbabakuna sa COVID-19 ay nag-aalok ng ilang proteksyon laban sa mga "pangmatagalang" epekto ng virus. Mas marami ka pang malalaman sa pamamagitan ng pagbisita sa webpage ng CDC na Kaligtasan ng mga Bakuna sa COVID-19.

Kung ang aking anak ay magkakaroon ng masamang reaksyon (posibleng epekto) pagkatapos nilang mabakunahan, paano ko ito iuulat?

Kung ang iyong anak ay may masamang reaksyon pagkatapos na mabakunahan, makipag-usap sa iyong doktor, at iulat ang reaksyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (o VAERS). Iulat ito kahit na hindi ka sigurado na sanhi ito ng bakuna. Ang VAERS ay isang maagang sistema ng babala na ginagamit ng FDA at CDC para makahanap ng posibleng mga problema sa kaligtasan sa alinmang bakuna. Upang gumawa ng ulat, tawagan ang 1-800-822-7967 o bisitahin ang https://vaers.hhs.gov/reportevent.html.

Kung mayroon kang smart phone, maaari mong matulungan ang CDC na subaybayan ang mga bakuna sa pamamagitan ng pagpapalista (sign-up) sa iyong anak para sa v-safe. Ang **V-safe** ay isang kasangkapan na nakabatay sa smartphone na nagpapadala ng mga tekstong mensahe (text messages) upang masubaybayan ang iyong anak pagkatapos nilang mabakunahan. Ang bawat bata ay dapat na hiwalay na ipalista (sign-up). Ang lahat ng mga tekstong mensahe ng v-safe ay ipinapadala sa smartphone ng magulang o tagapag-alaga.

Huwag gumamit ng VAERS at V-safe para sa medikal na payo. Tawagan ang iyong doktor o humanap ng medikal na tulong kung may mga sintomas o problema sa kalusugan ang iyong anak na nakapagpapa-alala sa iyo pagkatapos magpabakuna sa COVID-19.

PAGPAPABAKUNA NG MGA BATA

Saan ko maaaring pabakunahan ang aking anak?

Makukuha ang mga bakuna sa daan-daang mga lokasyon sa buong LA County. Kabilang sa mga lokasyon ang mga opisina ng pedyatrisyan, klinika, parmasya, paaralan, espesyal na mga lugar ng pagpapabakuna, at mga lugar na itinatayo paminsan-minsan

(pop-up sites). Hindi mo kailangan ng isang tipanan (appointment) sa maraming lokasyon.

Ang pagpapabakuna sa bahay ay makukuha rin para sa mga taong hindi nakakalabas ng bahay.

Upang malaman pa ang mas marami, bisitahin ang ph.lacounty.gov/paanomagpapabakuna. Maaari mo ring tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Bakuna sa 833-540-0473. Bukas ito araw-araw mula 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi at maaaring ayusin ang libreng transportasyon papunta sa lugar ng pinagpapabakunahan at pagpapabakuna sa bahay. Siguruhin na pumili ng lokasyon na nag-aalok ng bakuna na angkop para sa edad ng iyong anak. Tandaan na maraming parmasya ay hindi makapagbabakuna ng mga bata na wala pang edad na 3 taong gulang.

Libre ba ang mga bakuna sa COVID-19?

Oo, ang mga bakuna sa COVID-19 ay libre para sa lahat na edad 6 na buwan pataas. Patuloy na ibinibigay ang mga bakuna sa COVID-19 sa lahat ng mga kwalipikadong tao na naninirahan sa Amerika, hindi alintana ang seguro (insurance) o katayuan sa imigrasyon. Maaaring hilingin ng lugar ng nagbabakuna na tingnan ang iyong tarheta sa seguro ng kalusugan (health insurance card), ngunit hindi ito iniaatas para makatanggap ng bakuna ang iyong anak.

Paano ako makakakuha ng digital na talaan (record) ng pagpapabakuna para sa aking anak?

Kung ang iyong anak ay nabakunahan sa California, makakakuha sila ng puting tarhetang talaan (white vaccine record card) ng pagpapabakuna. Maaari ka ring humiling ng digital na Talaan (Record) ng Pagpapabakuna sa COVID-19 sa myvaccinerecord.cdph.ca.gov. Ito ay opisyal na talaan (record). Maaari itong i-download sa Google Play sa Android na telepono o sa Apple Health app sa iPhone. Maaari kang kumuha ng talaan (record) para sa bawat tao sa iyong pamilya kahit na ginamit mo ang parehong email address o numero ng mobile na telepono noong sila ay nabakunahan. Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang Mga Talaan (Record) ng Pagpapabakuna na webpage.

Kailangan ko bang magbigay ng pahintulot para mabakunahan ang aking anak?

Ang mga kabataan na wala pang 18 taong gulang ay kailangan ng pahintulot mula sa magulang/katiwala o tagapag-alaga para mabakunahan. Kung hindi ka makakapunta, maaari kang payagang magbigay ng pahintulot sa pamamagitan ng telepono, video, o kasulatan. Tingnan ang mga patakaran ng pahintulot ng lugar kung saan mo pinaplanong pumunta. Kung ito ay lokasyong pinatatakbo ng Pampublikong Kalusugan, maaari mong makita ang mga patakaran at mag-download ng form ng pahintulot sa ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated. Iklik ang "paghahanda para sa iyong pagbisita" o tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Bakuna sa 1-833-540-0473 (8 ng umaga-8:30 ng gabi araw-araw).

Ang ilang mga eksepsyon ay lumalapat. Ang mga menor de edad 15 taon pataas na kaya ang sarili [self-sufficient] (hal., menor de edad na malaya o kaya ang sarili, may asawa, dating may asawa) ay maaaring magbigay ng kanilang sariling pahintulot. Kung ikaw ay isang kanlungang tagapag-alaga (foster caregiver), kamag-anak na tagapag-alaga, o kawani ng Short-Term Residential Therapeutic Program (STRTP), maaari kang magbigay ng pahintulot hangga't ang batang inaalagaan (foster child) ay sumasang-ayon. Kung ikaw ay isang kanlungang tagapag-alaga at hindi ka nagbigay ng pahintulot ngunit ang iyong inaalagaang bata ay gustong magpabakuna, maaari nilang kontakin ang kanilang legal na tagapayo.

Anong mga dokumento ang kailangan kong dalhin para mabakunahan ang aking anak?

Maaaring kailanganin ng larawang Pagkakakilanlan (photo ID) sa ilang mga lokasyon ng pagpapabakuna. Kung ikaw ay isang katiwala sa pangangalagang kanlungan at ang iyong inaalagaang bata ay walang larawang Pagkakakilanlan (photo ID), ipakontak sa kanila ang kanilang legal na tagapayo. Ang isa pang opsyon ay pumunta sa lokasyon na pinatatakbo ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County, na hindi nangangailangan ng larawang Pagkakakilanlan (photo ID).

Tumingin sa itaas para sa impormasyon tungkol sa pahintulot. Tingnan ang mga patakaran ng lugar na plano mong puntahan. Maaaring makita ang mga ito sa kanilang webpage o sa isang kumpirmasyon ng tipanan na email o text. Para sa impormasyon

tungkol sa mga patakaran sa mga lugar ng bakuna ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County, bisitahin ang ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated. Iklik ang "paghahanda para sa iyong pagbisita" o tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Bakuna sa **1-**833-540-0473 (8 ng umaga-8:30 ng gabi araw-araw).

Paano ko kakausapin ang aking anak tungkol sa bakuna sa COVID-19?

Mahalaga para sa mga kabataaan na malaman ang mga katotohanan tungkol sa bakuna sa COVID-19. Napakaraming maling impormasyon sa COVID-19 at sa mga bakuna sa internet at sosyal midya (social media). Siguruhing makipag-usap sa iyong mga anak tungkol sa COVID-19 at sagutin ang anumang mga katanungan na maaaring mayroon sila.

Ipaalam sa kanila ang tungkol sa mga panganib sa kalusugan kapag may taong magkakaroon ng COVID-19 at kung paano maaaring makatulong ang bakuna na protektahan sila. Ipaliwanag na ang bakuna ay ligtas at wala itong virus. Pag-usapan ang mga epekto kasama sila at ipaalam sa kanila na ang mga epekto ay normal.

Papanatagin sila kung sila ay ninenerbiyos tungkol sa pagpapabakuna. Maging tapat at mahinahon. Maglaan ng oras para ipaliwanag kung ano ang aasahan. Sa simpleng mga salita, ipaalam sa inyong anak na maaari silang makaramdam ng konting kurot at mawawala ito nang napakabilis. Gumamit ng mga salita tulad ng "diin [pressure]" o "sundot" kaysa sa "sakit" o "turok." Kahit na hindi naiintindihan ng iyong anak ang iyong mga salita, ang mahinahon mong boses ay makapagpapanatag. Manatiling masigla at relaks bago, sa kasalukuyan, at lalong-lalo na pagkatapos ng mga iniksyon.

Kung ang iyong mga anak ay takot sa karayom, tingnan ang CDC webpage Mga Takot sa Iniksyon at Pobya – Humanap ng Mga Paraan para Pangasiwaan.

Gamitin ang mapagkukunan ng DPH "Ang Maliit na Libro (Booklet) ng Bakuna sa COVID-19 ng Iyong Anak" na nilikha para tulungan ang mga magulang at tagapag-alaga na maghanda at itala (record) ang pagpapabakuna sa COVID-19 ng kanilang mga anak.

Ano ang maaari kong gawin upang maghanda para sa pagbisita sa lugar ng pagpapabakunahan ng COVID-19 ng aking anak?

Ang pagkuha ng bakuna sa COVID-19 ay malamang na parehong pareho ng pagkuha ng mga nakagawiang bakuna. Ang mga mungkahi sa ibaba ay maaaring makatulong gawing mas madali para sa iyo at sa iyong anak kapag sila ay kumuha ng bakuna sa COVID-19.

Bago ang iyong pagbisita

- **Hanapin ang tamang lokasyon ng bakunahan para sa iyong anak**
    - **Alamin na ang lokasyon ng bakunahan ay nagagawang magbigay ng mga bakuna para sa grupo ng edad ng iyong anak.** Tandaan na maraming parmasya ang hindi nagagawang magbakuna ng mga bata na wala pang 3 taong gulang.
    - **Suriin ang mga kinakailangan sa pahintulot at dokumentasyon.** Maaaring matagpuan ang mga ito sa kanilang webpage o sa email o tekstong mensahe sa pagkumpirma ng tipanan (appointment). Para sa impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa mga lugar ng bakuna ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (LA County Department of Public Health), bisitahin ang ph.lacounty.gov/vaccineappointment. Mag-klik sa 'Paghahanda para sa iyong pagbisita'
- **Ipaalam sa mga kawani kung kailangan ng iyong anak ang mga tulong kapag ginawa mo ang tipanan [appointment]** (o kapag dumating ka sa lugar kung ito ay isang lokasyon kung saan ang mga tipanan ay hindi kailangan). Ang mga hayop na pangserbisyo ay pinapayagan, ayon sa batas, na samahan ang mga bata sa mga lugar ng bakunahan

ng COVID-19. Kung kailangan mo ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng paratransit, libreng transportasyon papunta sa lokasyon ng bakunahan o pagpapabakuna sa bahay, bisitahin ang ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated. Maaari mo ring tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Bakuna ng DPH sa 1-833-540-0473 bukas araw-araw 8am hanggang 8:30pm. Mas maraming impormasyon ang makukuha sa CDC webpage na Pagpapabakuna sa COVID-19 para sa mga Bata at Tinedyer na may mga Kapansanan.

- **Basahin ang impormasyon tungkol sa bakuna** na nasa inyong kumpirmasyon ng tipanan. Isulat ang anumang mga tanong na maaaring mayroon kayo.
- **Alamin ang tungkol sa mga epekto (side effects) at kung paano pangasiwaan ang mga ito sa webpage ng Mga Epekto ng Bakuna sa COVID-19 ng Pampublikong Kalusugan.**
- **Makipag-usap sa iyong anak tungkol sa kung ano ang aasahan.** Tingnan ang *Paano ko kakausapin ang aking anak tungkol sa bakuna sa COVID-19* sa itaas**.**

Sa araw ng pagbisita ng iyong anak

- **Huwag bigyan ang iyong anak ng mga gamot na hindi kailangan ng reseta bago magpabakuna** (tulad ng mga pampawala ng sakit o antihistamines) para tumulong mapigilan ang mga epekto maliban kung ang iyong anak ay regular na umiinom ng mga gamot na ito para sa iba pang mga kadahilanan.
- **Dalhin ang talaan (record) sa pagpapabakuna sa COVID-19 ng iyong anak** kung sila ay nabakunahan na dati.
- **Magdala ng bagay na nakakaginhawa para sa iyong anak**, tulad ng paboritong laruan, kumot, o libro.
- **Magdala ng mga maskara sa mukha (face masks)**. Ang lahat kabilang ang mga kawani, ikaw, at ang iyong anak (kung edad 2 taong gulang pataas) ay dapat na magsuot ng maskara sa lugar ng bakunahan
- **Magdala ng meryenda at tubig**. Sa maiinit na araw, kung ikaw ay bumibisita sa panlabas na lokasyon, magsuot ng sombrero at manipis na damit.
- **Kumuha ng mga mungkahi (tips) sa kung paano susuportahan ang iyong anak bago, sa kasalukuyan, at pagkatapos ng pagpapabakuna**
    - Mga mungkahi (tips) para suportahan ang mga bata sa lahat ng edad sa pamamagitan ng mga nakagawiang pagpapabakuna ay makukuha sa CDC webpage na Bago, Sa Kasalukuyan, at Pagkatapos ng mga Iniksyon.
    - Ang impormasyon para sa mga sanggol ay nasa CDC webpage na Gawing hindi gaanong nakakatensyon (stressful) ang mga iniksyon para sa mga sanggol. Kabilang sa mga ito ang mga teknik sa paggambala, pagpapasuso, o paghiling sa doktor na gumamit ng iniinom na solusyon ng asukal, at pamahid na nakapagpapawala ng sakit o pampalamig na pangwisik.
    - Ang impormasyon tungkol sa kung paano pangasiwaan ang mga takot sa karayom sa CDC webpage na Mga Takot at Pobya sa Karayom.

Habang nasa iyong pagbisita

- **Sabihin sa tagapagbigay ng bakuna ang tungkol sa anumang mga alerdyi** na maaaring mayroon ang iyong anak.
- **Hilingin sa iyong anak na umupo o humiga sa panahon ng pagpapabakuna.** Dapat silang patuloy na nakaupo o nakahiga ng 15 minuto pagkatapos na ibigay ang bakuna. Tumutulong ito sa pagpigil ng pagkahimatay at mga pinsala na nauugnay sa pagkahimatay. Tingnan ang CDC webpage para sa mga mungkahi na Paano Hawakan ang Inyong Anak sa Panahon ng Pagpapabakuna. Tutulong ito na mabawasan ang tensyon (stress) ng inyong anak at maaaring gawin ring mas madali para sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na ibigay ang bakuna.
- **Humingi ng payo sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak tungkol sa paggamit ng pampawala ng sakit na hindi aspirin.** Magtanong tungkol sa anumang iba pang mga hakbang na maaari mong gawin sa bahay para paginhawahin ang iyong anak.

- **Siguruhin na makukuha ng iyong anak ang kanilang Tarhetang Talaan (Record card) ng Pagpapabakuna sa COVID-19.** Tingnan ang webpage sa Mga Talaan (record) ng Pagpapabakuna ng Pampublikong Kalusugan para sa impormasyon tungkol sa tarheta (card) at mga digital na talaan (record).
- **Siguruhin na alam mo kung kailan nakatakda ang susunod na dosis ng iyong anak**. Maaaring naisin mong makipag-usap sa iyong tagapagbigay tungkol sa pinakamagandang oras upang kumuha ng pangalawang dosis.
- **Magpalista (sign up) para sa V-safe.** Ang V-safe ay nagbibigay ng mabilis at kumpidensyal na pagsubabybay (check-ins) sa kalusugan sa pamamagitan ng mga tekstong mensahe (text message) at/o mga web na pagsisiyasat (survey). Mabilis at madali kang makapagbabahagi ng impormasyon sa CDC sa kung ano ang nararamdaman ng iyong anak pagkatapos na magpabakuna sa COVID-19. Alamin pa ang mas marami sa website ng V-safe Pagkatapos ng Health Checker sa Pagpapabakuna at magpalista (sign up) sa vsafe.cdc.gov.

Gamitin ang mapagkukunan ng DPH na Librito ng Bakuna para sa COVID-19 ng Iyong Anak na idinisenyo para tulungan ang mga magulang at tagapag-alaga na maghanda at itala ang pagpapabakuna para sa COVID-19 ng kanilang mga anak.